
4

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 13:
## TV, Internet at Diyaryo!

*(Kahalagahan ng Media)*



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan– Modyul 13: TV, Internet at Diyaryo! (Kahalagahan ng Media) Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Juvy G. Clavillas

**Editor:** Girlie Marie L. Penales, Ma. Theresa I. Cortez

**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo**,** Dinnah A. Bañares

**Tagalapat:** Gladys Judd D. Perez, Rey Antoni S. Malate

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS-Filipino: Rechie O. Salcedo
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 13
## TV, Internet at Diyaryo!

*(Kahalagahan ng Media)*

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Kahalagahan ng Media !

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa ______Filipino 4___ ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa _Kahalagahan ng Media_!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman |

| | |
|---|---|
| | o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## *Alamin*

Maligayang araw! Mahilig ka bang manood ng telebisyon o kaya'y magbasa ng dyaryo? Nakikinig ka rin ba sa radyo?

Sa modyul na ito malalaman mo ang mapanuring panonood at pakikinig ng iba't ibang pangyayari sa ating kapaligiran. Inaasahang matutuhan mo ang sumusunod na kasayanan:

1. Naibibigay ang kahalagahan ng media ( pang impormasyon, pang-aliw at panghikayat)
2. Nasasagot ang mga tanong sa nabasang tekstong pang-impormasyon

Halika, umpisahan mo na ang aralin na ito.



## *Subukin*


Suriin natin kung hanggang saan ang alam mo.

**Panuto:** Basahin ang mga parirala. Ibigay ang gamit ng media sa sumusunod na sitwasyon. Isulat ang **A** kung ginagamit ito sa pagbibigay impormasyon, **B** kung nagbibigay aliw, at **C** kung nanghihikayat.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. TV Patrol | | 6. Balitang Pangkalusugan | |
| 2. Zumba | | 7. Soduko | |
| 3. Mga patalastas ng shampoo | | 8. Panawagan sa gagawing Fun Run | |
| 4. Santino | | 9. Kampanya sa Clean & Green Program | |
| 5. ANC | | 10. CNN | |

Nasiyahan ka ba? Nasagot mo ba ang lahat ng mga tanong? Tingnan ang wastong sagot sa **pahina 15**.
Binabati kita! Maaari ka nang magpatuloy.

**Aralin** # Kahalagahan ng Media



## *Balikan*

*Magbalik-aral ka.*

Natatandaan mo pa ba ang iyong aralin bago ang modyul na ito? Narito ang isang pagsasanay na susukat kung gaano mo naintindahan ang paksa tungkol sa pangalang konkreto at dikonkreto.

Panuto: Lagyan ng ★ kung ang salita ay pangalang konkreto at ▲ kung ang salita ay pangalang di-konkreto.

______________1. Aklat ____________ 2.Ugali

______________ 3.Kabutihan _____________ 4.Lapis

_____________ 5.Kaligayahan _____________ 6. Upuan

Matapos mong sagutin ang pagsubok na ito, tingnan kung tama o mali ang iyong sagot sa pahina ng susi ng pagwawasto sa **pahina 15**



Batid sa aking kaalaman na malalim ang iyong pagkaunawa sa paksang pangalang konkreto at di - konkreto.

Ngayon, handa ka na bang palawakin ang iyong kaalaman?

Tara, simulan na natin!

***Mga Tala para sa Guro***

Bigyan ng mga pagsasanay amg mag-aaral bago ibahagi ang modyul na ito -.

## *Tuklasin*

Bago tayo magpatuloy sagutan muna ang gawaing ito.

A. **Panuto:** Pagtambalin ang mga pangalan ng larawan sa hanay **A**.Piliin ang letra ng tamang sagot sa hanay **B**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Hanay A**

1. 


2. 

3. 


4. 

5. 

**Hanay B**

a.magasin

b.radyo

c.telebisyon

d.diyaryo

e.Internet

B. **Panuto**: Basahin ang balitang naglalaman ng impormasyon at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Dahil sa pandemyang sakit na COVID-19 na nararanasan ng buong daigdig, ipinagbabawal ng pamahalaan ang pagtitipon ng mga mamamayan upang hindi mahawa sa sakit na ito. Ipinapatupad rin ang paggamit ng face mask kung lalabas ng tahanan, paghuhugas ng kamay gamit ang sabon, paglalagay ng alcohol at higit sa lahat ang pagpapasunod ng social distancing ng bawat isa.

Sa mga nasabing paraan, maiiwasan ang pagkalat ng virus sa isang pamayanan. Malaki ang epekto nito na hindi na magkaroon ng malawakang krisis sa ating kalusugan.

Upang mapadali ang pagkawala nito , disiplina ang kailangan ng bawat isa at sumunod sa ipinaguutos ng pamahalaan at ng World Health Organization (WHO) para sa kaligtasan ng pamayanan.

*Isinulat ni Juvy G. Clavillas mula sa Balitang napanood sa TV Patrol ABS-CBN*

1. Anong sakit ang tinutukoy sa balita?

   A. trangkaso B. sipon C. CoVid 19

2. Sino ang nagpapatupad na disiplina ang kailangan ng bawat isa at dapat sumunod sa ipinag uutos ng pamahalaan?

   A. WHO B.UNICEF C. DepEd


3. Paano maiiwasan ang pagkalat ng virus na COVID?

   A. Magkaroon ng patiripon tipon
   B. Maghugas ng kamay gamit ang sabon
   C. Huwag gumamit ng face mask

Nasagutan mo ba ang mga ito. Tingnan ang iyong mga sagot sa pahina ng susi ng pagwawasto sa **pahina 15**.



## *Suriin*




**A. Panuto:** Basahing mabuti ang balita at sagutin ang sumusunod na tanong.

**Zumba Fun Run, Isasagawa ng ICS**

Magkakaroon ng Zumba Fun Run ang Iriga Central School o ICS na isasagawa sa darating Sabado, Nobyembre 9, 2019.

Ayon kay Randy A. Bona, punongguro ng ICS inaanyayahan ang mga magulang, mag-aaral at stakeholders na dumalo sa nasabing aktibidades.

Dagdag pa niya, ang pondong malilikom ay gagamitin sa pagbili ng mga karagdagang kagamitan sa pagtuturo.

Kaya't inaasahang ang pagkakaroon nang buong kooperasyon ng bawat isa para sa tagumpay ng Zumba Fun Run ng paaralan.

*–Juvy G. Clavillas-*

1.Anong gawain ang pinamunuan ng Iriga Central School?

A. Zumba Fun Run
B. Bingo Socials
C. Raffle

2. Sino sino ang mga dadalo sa nasabing aktibidad?
   A. Mga mag-aaral
   B. Mga magulang
   C. Mga mag-aaral, magulang at stakeholders


3. Kailan gaganapin ang Zumba Fun Run
   A. Lunes, Nobyembre 9, 2019
   B. Sabado, Nobyembre 9, 2019
   C. Linggo, Nobyembre 9, 2019

**B. Panuto:** Ibigay ang kahalagahan ng media sa sumusunod na gawain o sitwasyon. Isulat ang **A - nagbibigay ng impormasyon**, **B - nanghihikay** at **C - nagbibigay aliw**.

___ 1. Balita sa labas at loob ng bansa

____ 2. Paligsahan sa sayaw at pag-awit

____ 3. Pagpapalabas ng variety show




Tandaan ……

Ang midya ( Ingles: media) ay mga pinagsamang pagpapalabas o kagamitan na ginagamit sa pagtala at paghatid ng impormasyon o datos.

## Iba't ibang Uri ng Media

**Print o Nakalimbag na Media**

1. **Dyaryo o Peryodiko**-naglalaman ng balita, impormasyon, patalastas
2. **Magasin**-naglalaman ng maraming artikulo, kalimitang pinopondohan ng patalastas. Ito ay nagbibigay ng impormasyon sa mambabasa.
3. **Aklat**- pinagsama-samang mga nailimbag na salita sa papel. Kadalasan marami itong pahina.

**Broadcast Media**

1. **Telebisyon o Radyo** -isang sistemang tele-komunikasyon para sa pagpapahayag at pag-tanggap ng mga gumagalaw na mga larawan at tunog sa kalayuan. Ito ay pang-masang panghatid ng libangan, edukasyon, balita o alok.

**Internet**

**1.Internet**-ito ay makabagong teknolohiya na mapagkukunan ng mga impormasyon gamit ang iba't ibang website ng nagbibigay ng mga balita, pang-aliw, panghikayat, videos,
Musika, pakikipagusap gamit ang chat, messenger, facebook atbp.

*DLP Filipino 4 Kwarter 1 pahina 112-113*


Napakaimportante ng media sa ating buhay sapagkat ito ang gabay natin sa pang araw- araw na pamumuhay. Lagi tayong una sa mga nangyayari sa atin kapaligiran sa loob at labas ng ating bansa. Kaya naman ang midya ay nagbibigay sa atin ng kahalagahan tulad ng sumusunod:




1.Nagbibigay ng impormasyon - Ito ang pinakamahalaga sa lahat ng tao sapagkat dito natin makukuha ang mga balitang nagsisilbing gabay sa ating pang-araw araw na pamumuhay



2.Nagbibigay - aliw – Sa panonood ng mga teleserye, variety shows, music videos, isports sa telebisyon, pakikinig sa radyo ng mga musika, paggamit ng youtube para manood ng video, pakikipag- usap sa kaibigan gamit chat room sa facebook ito'y nagbibigay kasiyahan at libangan sa mga tao.



3.Nanghihikayat - Nagagamit ito para hikayatin at makapili ang mga mamimili na bumili ng mga produkto na makikita sa patalastas sa telebisyon, radyo at maging sa internet.

## ***Pagyamanin***

**A. Panuto:** Ipagpatuloy ang pagsasanay. Basahin ang sitwasyon sa bawat bilang. Ibigay ang kahalagahan ng media na tinutukoy sa bawat isa. Piliin sa kahon at isulat sa inyong papel ang letra ng sagot.

| | | |
|---|---|---|
| a. Nagbibigay-impormasyon | b.Nagbibigay-aliw | c. Nanghihikayat |

_______ 1. Narinig ni Mang Juan na may pagpupulong na gaganapin sa kanilang barangay tungkol sa pagpapatupad ng kalinisan . Agad siyang naghanda para makilahok sa pagpupulong.

_______ 2. Nakaharap ang pamilya ni Aling Rosa sa telebisyon at pinapanood ang paboritong teleseryeng pambata.

_______ 3. Nanunuod si Jorryn at Boggs ng nakakaaliw na video sa youtube tungkol sa batang magaling magluto.

**B. Panuto:** Iguhit ang masayang mukha  kung nagsasaad ng tamang impormasyon at malungkot na mukha  kung ito ay nagpapahayag ng maling impormasyon.

_______________1. Mahalaga ang media sapagkat ito'y nagbibigay ng iba't ibang impormasyon sa mamamayan.

_______________ 2. Ang balitang isports ay isang uri ng balita na nanghihikayat sa mga manonood.


_______________3. Ang balitang 24 Oras ay isang programa ng TV 5 na naghahatid ng balita.



## ***Isaisip***

*Isiping mabuti……*

**Panuto:** Matapos mong mapag-aralan ang media, buoin ang crossword puzzle upang matiyak na naunawaan mo na ang aralin.



| PAHALANG | | PABABA | |
|---|---|---|---|
| 1 | Ito ay makabagong teknolohiya na mapagkukunan ng impormasyon gamit ang website na nagbibigay impormasyon tungkol sa balita, pang-aliw at panghikayat | 3 | Pinagsama-samang mga nailimbag na salita sa papel. Kadalasan maraming pahina ito na nagtataglay ng maraming impormasyon, ideya o kuwento. |
| 2 | Isang sistemang pangtelekomunikasyon para sa pagpapahayag at pagtanggap ng mga gumagalaw na mga larawan | 4 | Naglalaman ng maraming artikulo kalimitang pinopondohan ng mga palatastas |
| 6 | Isang sistemang pangtelekomunikasyon para sa pagpapahayag ng tunog sa kalayuan | 5 | Naglalaman ng mga nakalimbag na balita, impormasyon o patalastas |

## *Isagawa*

Upang lubos na masanay ka sa pagpapahalaga ng midya, isagawa ang gawain sa ibaba.

**Panuto:** Iguhit sa inyong papel ang sumusunod na midya na nagpapalabas at naghahatid ng impormasyon o datos para, mabigyan ng impormasyon, aliw o mahiyakat ang mga manunood at mambabasa.

1.dyaryo 2.magasin 3.telebisyon 4.radyo 5.internet

Malugod kitang binabati at naiguhit mo ng maayos. Tingnan ang tamang larawan sa pahina ng susi sa pagwawasto sa **pahina 15**

## *Tayahin*

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan at pagpapahalaga sa media?

**Panuto:** Basahin ang impormasyon at isulat ang letra ng tamang sagot sa sumusunod na tanong sa inyong sagutang papel.

> Upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral ngayong pasukan, ang pamunuan ng mga guro sa Filipino ay hinihikayat na gumawa ng modyul batay sa kasanayang pampagkatuto, disenyo at topograpiya. Ang mga guro ay inaanyayahan sa isang Zoom Webinar sa Huwebes Mayo 15, 2020 sa ganap na 8:00 ng umaga.
>
> *Division Memo, Lungsod ng Iriga "Oplan Gawa Modyul para sa mga Bata*

1. Ano ang gagawin ng mga guro upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral?
   a. Modyul   b. balita   c. aklat

2. Bakit hinihikayat ang mga guro na gumawa ng modyul?
   a. mahirapan ang mga mag-aaral
   b. Matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral
   c. Malungkot ang mga mag-aaral

3. Anong paraan ang gagamitin ng mga guro para mapagusapan ang kanilang gagawin.
   a. pagtitext
   b. pag-aanunsyo sa radio
   c. paggamit ng Zoom Webinar

4. Kailan gaganapin ang Zoom Webinar ng mga guro?
   a. Lunes, Mayo 15, 2020
   b. Huwebes,May 15, 2020
   c. Martes, May 15, 2020

5. Anong uri ng balita ang ipinaparating sa mga mambabasa?
    a. Balitang impormasyon
    b. Balitang pang-aliw
    c. Balitang panghikayat

Basahing mabuti ang dyalogo sa loob ng kahon.

B1: Hindi mo ba maabot yung bola?
Ako na lang aabot kasi ako ang mas matangkad!

B2: Oo nga! Bakita ba maliit ka?

B3: Hindi ko rin alam, gusto ko na rin tumangkad!Pagkatapos sagutin ang mga sumusunod na tanong. Kasing tangkad ng niyog!

*Woooosh wooosh! Twink!*

S: Hello mga bata!

B1, B2, B3 : Super Tangkad!!!

S: Narinig ko ang tawag sakin ng isang bata! Sino yung gustong tumangkad ?

B3: Ako po!

S: Madali lamang yan! Uminom ka nitong 'Tangkad Gamot' at paniguradong tatangkad ka!

B3: Salamat po!

11

**Panuto:** Mula sa dayalogo, piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Sino sino ang tauhan sa dyalogo?
    A. B 1, B2, B3 at Super Tangkad
    B. B 1 at B 2
    C. B3 at Super Tangkad

2. Ano ang pinag-uusapan ng mga tauhan?
   A. tungkol sa pataba
   B. tungkol sa kalusugan
   C. tungkol sa pampatangkad

3. Sino ang gustong tumangkad sa mga tauhan?
   A. B 3
   B. B2
   C. B1

4. Anong gamot ang dapat inumin para tumangkad?
   A. Tangkad Gamot
   B. Tangkad Gamot
   C. Tingting Gamot

5. Anong uri ng impormasyon ang ibig ipabatid ng dyalogo?
   A. Balitang impormasyon
   B. Balitang pang-aliw
   C. Balitang panghikayat

Magaling! Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa **pahina 15**. Ipagpatuloy ang pagsagot sa ilan pang karagdagang gawain.



## *Karagdagang Gawain*

Para matandaan mo ang araling ito tungkol sa kahalagahan ng media, gawin ang sumusunod na gawain.

**Panuto:** Mula sa patalastas at anunsyon ng Kagawaran ng Kalusugan na iyong napanood at napakinggan sa TV, youtube, at iba pa, gumawa ka ng poster tungkol sa tamang paghuhugas ng kamay. Gawin ito sa isang bondpaper, maikling sukat.

**Poster**

Matapos mong gawin, gamitin ang rubrics na inihanda upang maisaayos ito sa tulong ng iyong kaklase, magulang o kapatid.

| **Elemento** | **5** *(Napaka galing)* | **4** *(Magaling na Magaling)* | **3** *(Magal ing)* | **2** *(Katamtaman)* | **1** *(Sanayin pa)* |
|---|---|---|---|---|---|
| Malinaw ang pagkakaguhit | | | | | |
| May mga sumusuportang detalye tungkol sa guhit | | | | | |
| Napagbigay ng malinaw na ideya ang guhit | | | | | |
| Nakapagbigay ng konsepto sa guhit | | | | | |
| Oras ng pagtapos sa gawain | | | | | |
| **KABUOAN** | | | | | |

Malugod na pagbati!
Napagtagumapayan mo ang mga gawain sa modyul na ito.
Maari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.



## Susi sa Pagwawasto

| | | |
|---|---|---|
| **Isaisip**<br>*Pahalang*<br>1.internet<br>2. telebisyon<br>6. radyo<br><br>*Pababa*<br>3.aklat<br>4.magasin<br>5.dyaro | **Pagyamanin**<br>A.<br>1.c<br>2.b<br>3.b<br>B.<br>1 at 3<br>2 | **Tuklasin**<br>1.A<br>2.B<br>3.D<br>4.E<br>5.C<br><br>1.C<br>2.D<br>3.B |
| **Suriin**<br>A. 1.a<br>2.c<br>3.b<br><br>B. 1.a<br>2.c<br>3.c | **Balikan**<br>1, 4 at 6<br>2, 3 at 5 | **Subukin**<br>1. A<br>2. B<br>3. C<br>4. B<br>5. A<br>6. A<br>7. B<br>8. C<br>9. C<br>10. A |
| **Isagawa**<br>(pagguhit) | **Karagdagang Gawain**<br>(sanggunian sa rubrics) | **Pagtataya**<br>A. 1.a<br>2.b<br>3.c<br>4.b<br>5.a<br><br>B. 1.a<br>2.c<br>3.a<br>4.a<br>5.c |

## ***Sanggunian:***


Dayag, Alma M. *Pinagyamang Pluma 4*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc. 2017

Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4, Unang Kwarter, Linggo 5, Araw 4, pahina 111-114.

Division Memo (May 13, 2020), Unnumbered, “Oplan Gawa Modyul para sa mga Bata”, Lungsod ng Iriga

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985